

INTERCEDE

CCF PRAYER & FASTING

**PRAY**   
**TO THE GOD OF**  
**LOVE AND TRUTH**

**JANUARY 6-11, 2025**

**(TAGLISH BOOKLET)**

# MESSAGE FROM OUR SENIOR PASTOR

Dear CCFers!


Blessed New Year in the wonderful Name of our Lord and Savior Jesus Christ!

We welcome 2025 with our annual CCF Prayer and Fasting Week! It is our habit to start each year seeking God in prayer to remind us that all we do for His glory and the furtherance of His Kingdom must begin and end with PRAYER. Our theme for the year is **PRAY TO THE GOD OF LOVE AND TRUTH**. Indeed, it is a privilege that we can approach His throne of grace together!

For this year, we are going to focus on King David's prayer in 1 Chronicles 29. In his prayer, David describes the greatness and power of God, His grace and undeserved favor for His people. David also describes how we should respond to God with a life of worship, gratitude and generosity. It is my prayer that as you go through each day of this PRAYER AND FASTING week, you will encounter and worship God afresh, experience His breakthroughs, witness His miracles, receive His answers to your petitions as you meditate on Him and His word and His wonderful works. May we all be reminded of how faithful He was in the past, how good He is in the present, and how perfectly Sovereign He is the future. When we cry out to Him in all humility and pray not only for our needs but for others too, we can be confident that He hears and answers us according to His perfect will!

May God grant us a special encounter with Him in our prayer and devotion time, and may our hearts be ready to hear from Him, love and obey Him and serve Him. God bless our church as we lift this entire year to the Lord!

In Christ,



Dr. Peter Tan-Chi

SENIOR PASTOR, CHRIST'S COMMISSION FELLOWSHIP



# TABLE OF CONTENTS

## GUIDE

Ano ang panalangin? Ano ang pag-aayuno?	1
Bakit tayo dapat mag-ayuno?	2
Iba't-ibang Uri ng Pag-aayuno	4
Simula at Pagwakas ng Inyong Pag-aayuno	5
Pag-iingat	5
Mga Mungkahi sa Pananalangin	7

## MGA DEVOTIONS

Day 1 <b>Country &amp; Nations</b>	9
Day 2 <b>Work &amp; Finance</b>	14
Day 3 <b>Church</b>	18
Day 4 <b>Personal Growth</b>	23
Day 5 <b>Family &amp; Youth</b>	27
Day 6 <b>Health &amp; Healing</b>	33

## GABAY SA HAPUNAN NG PANGINOON 38

## MGA PANALANGIN 40

# **SAMA-SAMA TAYONG MAG-AYUNO AT MAGDASALA**

Ang ating taunang pagdiriwang ng panalangin at pag-aayuno ay isinasagawa tuwing simula at sa kalagitnaan ng taon. Ipinapahayag nito ang ating pagtitiwala sa Diyos at pagsasariwa ng kalooban ng Diyos sa ating buhay. Habang tayo ay nag-aayuno at nagdarasal, nag-aaral, isinasabuhay ang Kaniyang Salita, at nagtitipon ng sama-sama mula Lunes hanggang Sabado para sa pagsamba, dalhin natin sa Panginoong Diyos ang ating mga pangangailangan nang may pananampalataya.

Inaanyayahan namin kayo sa ating prayer and fasting ngayong taon na pinamagatang:

***Pray to the God of Love and Truth***  
*(Manalangin sa Diyos ng Pagmamahal  
at Katotohanan)*

## **Ano ang PANALANGIN?**

Ang panalangin ay ang pakikipag-usap sa Diyos at ang pakikinig sa Kanya para maisang-ayon ang ating kalooban sa Kanya. Ito ay ang pagharap sa Diyos sa pangalan ni Hesus, batay sa Kanyang Salita (ang Bibliya), na may gabay ng Kaniyang Banal na Espiritu. Tuwing tayo ay nananalangin, sinasamba natin Siya, dinudulog ang ating mga puso na may pasasalamat sa ating Ama sa Langit, ipinapahayag sa Kanya ang ating mga pangangailangan at ang mga pangangailangan ng iba, at hinihiling na ang Kanyang kalooban at kaharian ay maitaguyod sa ating buhay (Mateo 6:9-13; 1 Juan 5: 14-15; Juan 16:23-24; Judas 20).

## **Ano ang PAG-AAYUNO?**

Ang pag-aayuno ay ang hindi pag-kain sa loob ng itinakdang oras o panahon upang maipahayag ang ating pagsisisi sa kasalanan at ating paghahangad na mapalapit sa Diyos, habang tayo ay nabibigyan ng mas mahabang oras sa pagbasa ng Kaniyang Salita at sa panalangin. Ang pagliban sa mga mahahalagang bagay sa ating buhay tulad ng pagkain ay pagkakataon upang maipahayag ang taos-pusong pagtitiwala at pangangailangan natin sa Diyos.

Habang ang mga Kristiyano sa ating panahon ay maaari ring umiwas mula sa iba pang mga bagay tulad ng libangan, palakasan, at social media, ang pag-iwas sa pagkain ay ang karaniwang paraan ng pagpapahayag ng pag-aayuno sa Bibliya. Ang pag-aayuno ay isang paraan upang ipakita ng ating pagtitiwala sa Diyos at ating kasapatan sa Kanyang presensya na hindi mahihigitan ng anumang bagay sa ating pisikal na buhay (Nehemias 1: 4, 9: 1; Ester 4: 3; Daniel 9:3; Joel 2:12; Mateo 6: 16-18 ; Mga Gawa 13: 2; Isaias 58).



# **BAKIT tayo dapat MAG-AYUNO?**

## **INAASAHAN NG DIYOS NA TAYO AY MAG-AYUNO**

*Sa tuwing kayo ay nag-aayuno, huwag maglagay ng madilim na mukha tulad ng ginagawa ng mga mapagkunwari, sapagkat pinababayaan nila ang kanilang hitsura upang mapansin sila ng mga lalaki kapag sila ay nag-aayuno. Katotohanang sinasabi ko sa iyo, buo ang kanilang gantimpala. Ngunit ikaw, kapag nag-ayuno ka, pahiran ang iyong ulo at hugasan ang iyong mukha – Mateo 6:16-17*

Sinabi ni Hesus na **“sa tuwing nag-aayuno ka”**, hindi **“kung mag-aayuno ka.”** Nangangahulugan ito na ang pag-aayuno, tulad ng panalangin, ay hindi isang mungkahi. Ang pag-aayuno ay bahagi ng buhay Kristiyano.

## **NAG-AYUNO SI HESUS**

*At pagkatapos Siya ay nag-ayuno ng apatnapung araw at apatnapung gabi, pagkatapos ay nagutom Siya. – Mateo 4:2*

Bago ang pagmiministeryo ni Hesus, nag-ayuno Siya nang apatnapung araw. Alam Niyang kailangan Niya ng espirituwal na lakas upang matupad ang Kaniyang layunin sa mundo. Sa pag-aayuno ang ating pisikal na pangangatawan man ay nagiging mahina, ang ating espirituwal na buhay ay lumalakas at tayo’y mas nagiging handang tuparin ang gawain ng Diyos.

## **NAG-AYUNO ANG MGA UNANG MANANAMPALATAYA**

*Pagkatapos, nang sila ay mag-ayuno at manalangin at ipinatong ang kanilang mga kamay sa kanila, pinalayo sila. – Gawa 13:3 (tingnan din ang Gawa 14:23)*

Ang Simbahan ay nag-ayuno para kay Saul (Paul) at Bernabe. Nang maglaon, si Paul at Bernabe ay nagtalaga ng mga mamumuno sa iba’t ibang mga simbahan, nag-aayuno at nagdarasal bago itinalaga sa Panginoon ang mga pinuno.

## **ANG PAG-AAYUNO AY NAGPAPAKITA NG PAGPAPAKUMBABA SA HARAP NG DIYOS**

*Ngunit tungkol sa akin, nang sila ay may sakit, ang aking damit ay sako; Pinaiyak ko ang aking kaluluwa ng pag-aayuno; at ang aking dalangin ay patuloy na bumalik sa aking sinapupunan. – Salmo 35:13 (Tingnan din ang 1 Hari 21:27-29; Esdras 8:21)*

Ang pagpapakumbaba ay nagpapahintulot na maranasan natin ang biyaya ng Diyos. Kapag nagpakumbaba tayo sa panalangin at

tumalikod sa ating masasamang pamamaraan, ipinangako ng Diyos na tayo ay Kaniyang pakikickingan at tutugunan Niya tayo ayon sa Kaniyang kalooban.

## **SA PAG-AAYUNO, TAYO AY NAGIGING SENSITIBO SA PAMUMUNO NG BANAL NA ESPIRITU**

*Si Jesus, na puno ng Banal na Espiritu, ay bumalik mula sa Jordan at pinangunahan ng Espiritu sa ilang sa loob ng apatnapung araw, na tinutukso ng demonyo. At wala siyang kinakain sa mga panahong iyon, at nang matapos na, nagutom siya. – Lucas 4:1-2 (tingnan din ang Mga Gawa 13: 2, Mateo 17:21, Marcos 9:29)*

Madali tayong makalimot sa ating prayoridad. Ang pag-aayuno ay isang paalala na ang Diyos ang nauuna sa ating mga pangangailangan. Idinudulog natin sa Kanya ang ating mga inaalala dahil Siya naman ang may kakayahang gumawa ng mga kamangha-manghang gawa na magbibigay sa Kaniya ng kaluwalhatian.

## **ANG PAG-AAYUNO AY NAGSASARIWA NG ATING ESPIRITUWAL NA BUHAY, PANSARILI MAN O PAMBANSA**

*At ang Aking mga tao na tinawag ng Aking pangalan ay nagpapakumbaba sa kanilang sarili at nananalangin at hinanap ang Aking mukha at tumalikod sa kanilang masamang pamamaraan, kung gayon ay makakarinig ako mula sa langit, patatawarin ang kanilang kasalanan at pagagalingin ang kanilang lupain. – 2 Cronica 7:14*

*Kaya't binigyan ko ang aking pansin sa Panginoong Diyos na hanapin Siya sa pamamagitan ng panalangin at mga pagsusumamo, kasama ang pag-aayuno, sako, at abo. – Daniel 9:3*

Ang pag-aayuno ay nagbibigay buhay sa bawat isa at sa bayan. Ito rin ay nagdudulot ng kagalingan, pagbabago at paghahanda para sa mga bagay na dakila sa kaharian ng Diyos.

## **ANG PAG-AAYUNO AY MABUTI PARA SA ATING KALUSUGAN**

Ang pag-aayuno ay mabuti sa ating pisikal na kalagayan. Nililinis nito ang ating sistema sa mga toxin sa katawan. Sa pangkalahatan, naglilinis ito ng kaisipan at nagdudulot ng mabuting kalusugan. Maging ang mga kulang sa timbang ay nakitaan ng kabutihan sa pangangatawan dahil sa pagayuno at panalangin. Maraming mga guro ng Bibliya ang nagsasabi na ang tatlong-araw na pag-aayuno ay mabuti sa kalinisan ng espiritu at kalayaan sa mga masamang bisyo.

*(Mula sa "What Does the Bible Say About Fasting?", Christ Unlimited Ministries, [www.bible.com](http://www.bible.com))*



## Iba't ibang uri ng **PAG-AAYUNO**

Marahil maraming mga paraan upang mag-ayuno dahil may mga paraan upang manalangin, ngunit maaaring magsimula sa apat na paraang ito.

### **NORMAL NA PAG-AAYUNO**

Sa isang normal na pag-aayuno, ang isang tao ay walang pagkain sa loob ng itinakdang panahon. Ang pag-inom ng tubig ay kailangan. Ang matinding pag-iingat ay kinakailangan para sa mga mahabang pag-aayuno (higit sa isang linggo), lalo na't kung may mga medikal na kondisyon. Mabuting kumunsulta sa manggagamot kung nagpapalano kang mag-ayuno nang mahabang panahon.

### **BAHAGYANG PAG-AAYUNO**

Sa bahagyang pag-aayuno, ang isang tao ay kumakain lamang ng ilang mga uri ng pagkain sa loob ng partikular na panahon, o kaya naman ay may isa o dalawang pagkain lamang sa isang araw. Sa Bibliya, sina Daniel at Juan Bautista ay nagpapanatili ng isang diyeta sa kanilang pag-aayuno. Ang mangangaral ng ika-18 siglo na si John Wesley ay may tinapay at tubig lamang sa maraming araw bilang kaniyang pag-aayuno.

### **JUICE FAST**

Ito ay isang bahagyang pag-aayuno na sa halip na kumain ay umiinom lamang ng juice.

### **OBJECT FAST**

Ito ay pag-aayuno mula sa mga bagay na ginagamit o ginagawa, maliban sa pagkain. Ang mga halimbawa nito ay panonood ng telebisyon, paggamit ng social media, o paggamit ng computer liban sa trabaho o pag-aaral. Ang susi dito ay ang palitan ang oras na ginugol sa aktibidad na iyon ng oras na nakatuon sa Panginoon. Para sa mga mag-asawa, ito ay maaaring mangahulugan ng pag-iwas sa pisikal na pagpapalagayang-loob upang tumutok sa panalangin (1 Mga Taga-Corinto 7:5)



## **Simula at Pagwawakas ng IYONG PAG-AAYUNO**

Mahalaga ang paghahanda sa pag-aayuno at ang marahan na pagtatapos nito. Sa paghahanda, bawasan paunti-unti ang pagkain at pag-inom ng mga may caffeine (kape, tsaa, softdrinks) bago mag-ayuno. Mas mahalaga pa rito, manalangin nang maaga upang mapanatili kang malakas sa pisikal, mental, at espirituwal sa iyong pag-aayuno para sa Diyos. Sa pagtatapos ng pag-aayuno, huwag agad bumalik sa iyong normal na pagkain. Mabuting simulan muna sa malambot na pagkain at sa katamtamang dami hanggang sa bumalik ang normal na pagtunaw ng pagkain.

### **PAG-IINGAT**

Habang may mga pakinabang sa pag-aayuno, ang ilan ay hindi dapat mag-ayuno nang walang pagkokonsultang medikal. Halimbawa:

- Ang mga taong masyadong payat
- Ang mga taong madaling kapitan ng mga karamdaman sa pagkain
- Ang mga nagdurusa sa kahinaan o anemia
- Ang mga taong nasuri na may ilang mga karamdaman na nangangailangan ng patuloy na nutrisyon
- Mga buntis at nagpapasuso ng sanggol
- Ang mga taong umiinom ng iniresetang gamot

### **KUMUNSULTA SA IYONG DOKTOR BAGO MO SIMULAN ANG IYONG PAG-AAYUNO.**

Tandaan na may mga doktor na maaaring walang kasanayan sa pag-aayuno, kaya't maaari kayong pigilan sa bagay na ito.

**Manalangin at  
Mag-Ayuno  
KASAMA ANG  
INYONG MGA ANAK**

I-download ang **NXTGEN** Prayer & Fasting  
Booklet para sa mga pamilya na may  
mga batang edad 7 hanggang 12:

**[go.ccf.org.ph/IntercedeKids](https://go.ccf.org.ph/IntercedeKids)**





# Mga mungkahi sa PANANALANGIN

Habang binabasa natin ang mga talata sa Bibliya sa darating/sumusunod na araw, pag-aralan natin na **GAMITIN SA PANALANGIN** **ANG SALITA NG DIYOS** gamit ang balangkas sa ibaba:

## **C**ONFESSION (PAG-AMIN)

Hingin sa Banal na Espiritu na ipakita ang anumang bagay na hindi kanais-nais sa Kaniya. Aminin ng may pagpapakumbaba ang lahat ng kasalanan, at tanggapin ang awa ng Diyos. Humingi ng kapatawaran kahit para sa mga kasalanang hindi mo namalayan na iyong nagawa.

## **A**DORATION (PAGSAMBA)

Maglaan ng oras upang personal na purihin ang Panginoon para sa kung sino Siya at sa mga ginawa Niya. Purihin Siya para sa Kanyang mga katangian — lubos na makapangyarihan, walang hanggan, tapat, at marami pang iba. Kilalanin at ipagpasalamat ang Kanyang presensya sa iyong buhay.

## **S**UPPLICATION (PAGSUSUMAMO)

Itaas ang iyong mga pangangailangan at pakiusap sa Panginoon. Ipagkatiwala sa Kanya ang iyong mga alalahanin sapagkat Siya ay nagmamalaskit sa iyo. Maaari mong ipagdasal ang mundo, simbahan, iyong komunidad, pamilya, mga relasyon, at mga personal na petisyon.

## **T**HANKSGIVING (PASASALAMAT)

Magpasalamat sa Diyos para sa Kanyang marami, iba-iba, at partikular na mga pagpapala sa iyong buhay. Humingi ng pusong mapagpasalamat at kuntento sa lahat ng bagay. Magpasalamat sa Kanya ng may pananampalataya hindi lamang para sa pakikinig sa iyong mga dasal kundi para sa Kanyang mga magiging sagot sa mga ito.

# MGA DEVOTIONS

... que se  
... que se  
... velar al  
... quien es esta que  
... o, recostada sobre  
... de un manzano te  
... o dolores tu madre  
... la que te dio a luz.  
... con el  
... y vendada  
... el  
... con aceite.  
... tierra será dest  
... tuas ciudades puestas a  
... la de  
... extranjeros delante de voso



DAY ONE (January 6, 2025)

# Pray for the COUNTRY & NATIONS

## BASAHIN

<sup>10</sup> Pinuri ni David ang Panginoon sa harap ng mga tao. Sinabi niya, “O Panginoon, Diyos ng aming ninuno na si Jacob, sa inyo ang kapurihan magpakailanman!” <sup>11</sup> Makapangyarihan kayo, kagalang-galang, dakila, at kapuri-puri! Sapagkat sa inyo ang lahat ng bagay na nasa langit at nasa lupa. Kayo ang hari, O Panginoon, at higit kayo sa lahat!

**1 CRONICA 29:10-11**

## PAGNILAYAN

1. Anong ibig sabihin ang panalangin ni Haring David? Bakit niya pinupuri ang Panginoon? *(Basahin ang 1 Cronica 28:1-8)*
2. Anong nilalaman ang dasal ni Haring David? Anong mapapansin mo sa kanyang panalangin?
3. Pinagtuunan ni Haring David ang pitong katangian ng Diyos sa kanyang panalangin. Magkaroon ng oras para Panginoon para sambahin at purihin kung sino Siya at kung paanong ang bawat katangian Niya ay mauugnay sa iyong buhay ngayon:
  - Kadakilaan - \_\_\_\_\_
  - Kapagyarihan - \_\_\_\_\_
  - Kaluwalhatian - \_\_\_\_\_
  - Katagumpayan - \_\_\_\_\_
  - Kamahalan - \_\_\_\_\_
  - Kapamahalaan - \_\_\_\_\_
  - Pinuno ng lahat - \_\_\_\_\_

Naghahanda si Haring David para itayo ang Templo ng Diyos, at pinasinayaan niya ito sa pamamagitan ng panalangin. Pinatawag niya ang lahat ng tao para sumama sa mahalagang oras na ito sa kasaysayan ng Israel bilang isang patotoo sa kadakilaan ng Diyos. Hindi lang ito isang lugar sambahan ng mga tao ng Diyos, kundi dito rin makikilala ang Diyos ng lahat ng grupo ng mga tao sa mundo.

1. Paano ako nananalangin para sa aking bansa at para sa mundo?
2. Sa anong paraan ko maipakikilala ang Diyos sa lugar na kinalalagyan ko? *(Sa aking kapitbahayan, komunidad, lokal na pamahalaan, lungsod, lugar ng trabaho, o eskuwela?)*

Sa pamamagitan ng pananampalataya, gagawin ko...

Please set Simple, Measurable, Appropriate, Realistic, Time-bound (SMART) commitments.

*Halimbawa: "Bilang isang tagasunod ni Kristo, gagawin ko ang aking parte sa pagpapahayag ng pag-ibig ni Jesus sa aking komunidad sa pamamagitan ng pagboboluntaryo sa isang feeding program buwan-buwan."*

3. Paano ko masusuportahan ang lokal at internasyunal na mga misyon para maihayag ang Mabuting Balita? Ano ang aking parte sa paghahayag ng Mabuting Balita para makilala ang Diyos bilang pinuno ng lahat?

Sa pamamagitan ng pananampalataya, gagawin ko...

Please set Simple, Measurable, Appropriate, Realistic, Time-bound (SMART) commitments.

*Halimbawa: "Ako ay magdarasal, magbibigay, at magbuluntaryo para sa isang short term missions trip upang maipayahag ang Salita ng Diyos sa mga taong di pa nakakakilala kay Kristo."*



**Manalangin para sa Mundo:**

Ipanalangin ang mundo - kabilang ang mga ibang bansa at pamahalaan, na ang lahat ay magtiwala sa Panginoon para mapagtagumpayan ang mga kasalukuyang hamon sa ekonomiya, at magkaroon ng kapayapaan sa mga may pag-aaway, digmaan, at naghihirap na bansa:

- Israel, Palestine, Lebanon
  - Ukraine and Russia
  - Armenia and Azerbaijan
  - Iraq, Iran, Afghanistan
  - Myanmar, the Rohingya nation
  - Sri Lanka
  - Sudan, Nigeria
  - West Philippine Sea at mga sangkot na bansa
  - Ibpang mga bansa na nahaharap sa kaguluhan
- Ipanalangin ang CCF Beyond at ang international satellites para ang Panginoon ay magbukas ng mga pinto upang makapaglingkod sa iba't ibang bansa sa pamamagitan ng International Missionary Partners (IMP).
  - Ipanalangin na bawa't bansa ay makakilala sa Panginoong Jesu-Kristo sa pamamagitan ng Kanyang mga tao, na siyang nagpapahayag ng katotohanan ng Salita ng Diyos at nagiging halimbawa ng pag-ibig ng Diyos sa pamamagitan ng kanilang buhay.

**Ipanalangin ang Pilipinas:**

- Ipagdasal ang mga mamamayan ng ating bansa—na lahat tayo ay matutong magtiwala sa Diyos ng buong puso at mamuhay bilang mga mananalangin at masunuring lalaki at babae na nakay Kristo. Naway' ang bawat Pilipino ay manalig kay Kristo para magkaroon ng tunay na kaligtasan at pagbabagong buhay.
- Ipanalangin ang ating bansa—kasama ang mga nanunungkulang lider, na lahat tayo ay lumapit sa Panginoon at sundin ang Kanyang kalooban para mapagtagumpayan ang mga problemang patuloy na nararanasan ng ating bansa.
- Ipanalangin ang mga ehekutibo, lehislatibo, at hudikaturang mga pinuno na panindigan ang mga pagpapahalaga ng Bibliya at maging halimbawa ng maka-Diyos na ugali, kakayahan, hustisya, pananagutan, at pamilya - para sila ay maglingkod na may integridad, karunungan, katapatan, proteksiyon, at gabay:
  - Ang Presidente, Bise Presidente, Mga Gabinete, at mga tagapayo

- Mga Senador at Kongresista
- Ang Punong Hukom at lahat ng hukom
- Ang Militar at Polisya
- Ang Lokal na Pamahalaan at mga Opisyal ng Barangay

### **Mga pangunahing problema ng bansa:**

- Nararapat na pamamahala ng kagipitan at pagpapanatiling matatag ang ekonomiya.
- Nakawan at katiwalian sa gobyerno, pangagalakal ng mga ilegal droga, trabahong sapilitan, bentahan ng tao
- Di makaDiyos na pagpapahalaga, pagbaba ng moralidad, moral decline, materyalismo, pagsamba sa diyus-diyosan.
- Mga hadlang sa ekonomiya, mataas na presyo ng gasolina, inflation, transportasyon at problema sa trapik, mga panukalang batas na kontra sa salita ng Diyos at kalooban ng Diyos.
- Para mas maraming Pilipino sa lahat ng antas ng buhay ay maligtas, madisipulo, at mapanatili silang may tunay pag-ibig sa Panginoon.

### **Christians For Nation-Building (C4NB):**

- Para ang Panginoon ay kumilos sa kilusang ito upang itaas ang kamalayan ng mga Pilipino sa values-based na ugnayan sa politika at mabuting pagkamamamayan na nabibigay karangalan kay Kristo at nakabatay sa Biblia.

### **Manalangin na gawin mo ang iyong bahagi sa pagtatayo ng Kaharian ng Diyos dito sa mundo tulad nang sa langit:**

- Hangarin ang gabay ng Panginoon sa Kanyang ginagawa sa iyong komunidad. I-alay mo sa Kanya ang iyong gawain at maging isang kinatawan ng Kanyang Kaharian; maging handa sa pagusunod sa Kanya kung saan ka man Niya dalhin at anuman ang Kaniyang ipagagawa sa iyo
- Magsikap ng maging mahusay sa eskuwela o sa trabaho--ginagawa ang lahat para sa kaluwalhatian ng Diyos.
- Maglingkod sa iyong lugar ng trabaho o komunidad (magsimula ng isang Bible study, mamuno ng oras ng pananalangin o gumawa ng mabuti sa lugar ng iyong trabaho o kapitbayahan).
- Manalangin para sa isang pamumuhay na sumusunod sa Salita ng Diyos at nagsasagawa ng ebangelismo at pagdidisipulo kung saan mayroon kang impluwensiya: pamilya, komunidad, lugar ng trabaho, at bansa.





DAY TWO (January 7, 2025)

# Pray for **WORK & FINANCES**

## BASAHIN

<sup>12</sup> Sa inyo nagmumula ang kayamanan at karangalan. Kayo ang namamahala sa lahat ng bagay. Makapangyarihan kayo, at kayo ang nagpapalakas at nagbibigay kapangyarihan sa sinuman.

<sup>13</sup> Ngayon, O aming Diyos, pinasasalamat namin kayo, at pinupuri ang inyong kagalang-galang na pangalan.

**1 CRONICA 29:12-13**

## PAGNILAYAN

1. Basahin ang 1 Cronica 29:2-9. Anong ginagawa ng hari at mga tao sa paghahanda sa pagtatayo ng Templo ng Diyos? Paano sila nakakatulong sa gawain?
2. Paano kinilala ni Haring David ang Diyos sa kanyang panalangin? (v12)
3. Ano ang tugon ni Haring David sa mga pagpapala at kaparaanan ng Diyos? (v13)



Ang Diyos ang siyang nagkakaloob, gumagabay, at nagpapatuloy sa Kanyang gawain. Kinilala ni Haring David ito sa kanyang panalangin na nauwi sa pasasalamat at papuri! Katulad nito, tayo ay tinawag na isabuhay at isakatuparan ang ating layunin mula sa Panginoon. Habang ginagawa natin ito, ang Diyos ang siyang nagbibigay ng tulong, mga kakayahan, karunungan, at kalakasan para matupad ang mga ginagawa natin para sa Kanya. Ito ay nagbibigay ng lahat ng kaluwalhatian sa Kanya sa bawat pagsisikap!

1. Paano ko makikita ang aking trabaho bilang katawagan mula sa Diyos? Anong magagawa ko na naiiba kung saan Niya tinawag?
2. Sa aking kaalaman na nais ng Diyos na itayo ang Kanyang Kaharian sa mundo, paano ko mapapangasiwa at puhunanin ang aking mga kakayahan sa misyon ng Diyos?

Please set Simple, Measurable, Appropriate, Realistic, Time-bound (SMART) commitments.

*Halimbawa: Paano ko palaging maibibigay nang masaya ang aking ikapo at alay para sa gawain ng Diyos sa iglesia at sa mundo?*

3. Magkakaroon ako ng oras para pasalamatan ang Panginoon sa Kanyang maraming pagpapala sa aking buhay. Isusulat ko ang ginawa at pagpapala ng Diyos at sa bawat isa ay purihin Siya!

### Tawag ng Diyos:

- Alamin ang tawag ng Panginoon sa iyong buhay. Hayaaang gabayan ka Niya kung paano mo gagamitin para sa Kanyang mga layunin ang mga sumusunod:
  - Time (Oras)
  - Talent (Kakayahan o Talento)
  - Treasure (Yaman o Mapagkukunan)
  - Truth (Impluwensiya)
- I-alay mo sa Kanya ang iyong gawain bilang kaaya-ayang handog. Maging handa na sumunod sa Kanyang saan ka man Niya ginagabayan at sa anumang hiling Niya na gawin mo.
- Hingin ang gabay ng Panginoon sa Kanyang gawain sa iyong eskuwela o lugar ng trabaho. I-alay mo sa Kanya ang iyong trabaho at maging kinatawan ng Kanyang Kaharian.
- Magsikap ng maging mahusay sa eskuwela o sa trabaho--ginagawa ang lahat para sa kaluwalhatian ng Diyos.
- Manalangin para sa isang pamumuhay na sumusunod sa Salita ng Diyos at nagsasagawa ng ebangelismo at pagdidisipulo kung saan mayroon kang impluwensiya: pamilya, komunidad, lugar ng trabaho at bansa.
- Maglingkod sa iyong lugar ng trabaho, o komunidad (magsimula ng isang Bible study, mamuno ng oras ng pananalangin o gumawa ng mabuti sa lugar ng iyong trabaho o kapitbayahan).
- Hingin sa Panginoon ang Kanyang karunungan at gabay para magkaroon ka ng tagumpay sa iyong buhay; hayaan ang Banal na Espiritu na bigyan ka ng espirituwal na pagbabago, bagong kalakasan, at pagsisikap na makasunod sa Kanya ng tapat.

### Pagtustos ng Diyos sa Pananalapi:

- Magkaroon ng oras para isuko sa Panginoon ang iyong mga alalahanin: panghihina ng loob, pag-aalala, pagkukulang, o takot na humahadlang sa iyong relasyon sa Diyos.
- Aminin na may mga oras na hinayaang mapangunahan tayo ng pag-aalala. Tayo ay magsisi sa mga oras na nagtiwala tayo sa ating sariling lakas o karunungan, sa halip na magtiwala sa Diyos higit sa lahat para sa ating mga pangangailangan.



- Hingin sa Panginoon ang katagumpayan sa pananalapi—manalangin para sa isang pusong naghahanap sa Kaharian ng Diyos higit sa lahat; hayaang gabayan ka ng Banal na Espiritu para ikaw ay maging magbuting tagapamahala ng Kanyang kayamanan.
- Manalangin para maging mas masayang nagbibigay ka ng iyong oras, kakayahan, at kayamanan para sa gawain ng Diyos sa iyong iglesia, pamilya, o komunidad o sinumang may pangangailangan sa mga sandaling ito.

(Notes from the Evening Watch message)

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

**DAY THREE (January 8, 2025)**  
**Pray for the CHURCH**

**BASAHIN**

<sup>14</sup> “Pero sino po ba ako at ang aking mga mamamayan na makapagbibigay kami ng nag-uumapaw na kaloob gaya nito? Lahat ng bagay ay nagmula sa inyo, at ibinabalik lamang namin sa inyo ang ibinigay nyo sa amin. <sup>15</sup> Nalalaman nyo, O Panginoon, ng pansamantala lang kami rito sa mundo gaya ng aming mga ninuno. Ang buhay namin ay gaya ng anino na hindi nananatili. <sup>16</sup> O Panginoon naming Diyos, ang lahat ng ibinigay naming sa pagpapatayo ng templo para sa karangalan ng inyong banal na pangalan ay nagmula rin sa inyo. Pagmamay-ari nyo ang lahat ng ito!”

**1 CRONICA 29:14-16**

**PAGNILAYAN**

1. Suriin ang panalangin ni Haring David. Ano ang kanyang panananaw sa mga tao ng Diyos? Ano ang pagkukumpara niya sa kanila?
2. Basahin ang 1 Cronica 28:20-21. Paano nabigyan ng mga tungkulin ang mga tao para maglingkod sa Diyos?  
<sup>20</sup> Sinabi rin ni David sa anak niyang si Solomon, “Magpakatatag ka at magpakatapang. Simulan mo na ang pagpapagawa. Huwag kang matakot o manlupaypay, dahil ang Panginoong Diyos, ang aking Diyos ay kasama mo. Hindi ka niya iiwan o pababayaang hanggan sa matapos ang lahat ng gawain para sa templo ng Panginoon. <sup>21</sup> Nakahanda na ang grupo ng mga pari at mga Levita para sa lahat ng gawain sa templo ng Diyos, at may mga tao rin na may kakayahang gumawa ng anumang gawain na handang tumulong sa iyo. Ang mga opisyal at ang lahat ng tao ay handang sumunod sa iyo.”
3. Ano ang ating tungkulin sa pagtatayo ng tahanan ng Diyos? Anong mga tiyak na aksyon ang maaari nating gawin upang maiangat ang kapatiran sa Diyos?

## ISABUHAY

Ang mga lingkod ng Diyos ay pinili Niya para paglingkuran ang Kanyang mga tao at para tuparin ang Kanyang gawain. Tulad ng kaisipan ng mga Israelita, ang mga sumusunod kay Kristo ay nakikitang limitado ang oras natin sa mundo at kailangang magamit natin ito sa paglilingkod sa Diyos sapagkat tayong lahat ay mga nakikitira, nangungupahan, at manlalakbay--na ituon natin ang tunay na pag-asa sa Panginoon. Basta tayo ay nakahanay sa Kanyang kalooban, bibigyan Niya tayo ng kalakasan para sa gawain sa iglesia.

1. Sa anong paraan ako tinatawag ng Diyos sa oras na ito ng aking buhay? Paano ako makakaasa sa Diyos sa aking paglilingkod?
  
2. Paano ako makakatulong sa gawain ng Diyos sa iglesia, gamit ang aking oras, kakayahan, kayamanan, at impluwensiya?

Please set Simple, Measurable, Appropriate, Realistic, Time-bound (SMART) commitments.

*Halimbawa: "Maghahanda ako ng pagkain para sa aking Dgroup/pamilya sa linggong ito."*



### **Panalangin para sa Iglesia:**

- Manalangin ng mas maging tulad ni Jesus, pinakakaitan ang sarili at may pagpapakasakit na pinaglilingkuran ang iba na walang inaasahang kapalit.
- Itaas sa panalangin ang ating iglesia, Christ's Commission Fellowship, na nawa'y makapagpatuloy na purihin ang Diyos sa pamamagitan ng pagdidisipulo na mga magdidisipulo sa lahat ng bansa.
- Ipanalangin ang isang mamumuhay na nagbibigay-galang sa Salita ng Diyos at sa mga namumuno sa Iglesia—sumailalim sa Diyos higit sa lahat at manatili sa karunungan ng ating mga elders, pastors, at servant-leaders.
- Ipanalangin ang ating mga lider na nawa'y bigyan ng Diyos ng kalakasan ang mga naglilingkod sa Kanya at bigyan sila ng karunungan para sa natitirang bahagi ng taon ay magkaroon sila ng patnubay na maluwalhati ang Diyos sa kanilang buhay at sa ating iglesia.
  - Ang ating Senior Pastor Peter Tan-Chi, ang kanyang asawa na si Deonna, at ang kanyang buong pamilya.
  - Ang ating mga Elders, Pastors, servant-leaders, at kanilang mga pamilya.
  - Ang ating CCF Ministry Heads, Staff, Campus Missionaries, Workers, Volunteers, Partner Missionaries.
  - Ang bawat Discippler at kanilang mga disipulo na lumago na maging tulad ni Kristo at patuloy na maibahagi ang Mabuting Balita.
  - Ang CCF Training Center, para ito ay matapos na, para sa layunin at kaluwalhatian ng Diyos.
  - Ang ating national and international church planting initiatives ay maging mabunga para sa kaluwalhatian ng Diyos.
- Ang mga iba pang CCF satellites, ministries, house fellowships at Dgroups sa buong bansa at sa buong mundo, gayundin ang mga nasa ibat-ibang lugar ng trabaho at komunidad, na patuloy silang maging matatag at tapat na maglingkod sa Panginoon.
- Makasama sa isang Dgroup o magsimula ng sariling Dgroup sa taong ito.

### **Ipanalangin ang Lifestage Ministries:**

- Across (Family)
- B1G (Singles)
- Elevate (Youth)
- NxtGen (Children)

### **Pray for Support Ministries:**

- Discipleship Management
- Global Leadership Center (GLC)

## IPANALANGIN

- WOW (women)
- MoveMEN<sup>+</sup> (men)
- Living Free Ministry
- CCF Sports
- CCF Ministries, Inc., Tulong Tayo, Uplift, #NotAlone, Sipag, Biyahe, Medical Ministry
- Marketplace, G-Men (Govt.)
- Ignite Business Ministry
- Welcome Center & Host Team
- Pastoral Care
- Intercede Ministry

### **Ipanalangin ang mga CCF Departments:**

- Communications & Live Production
- Exalt Team
- Digital Transformation
- Information Technology (IT)
- Finance
- Audit
- Human Resources
- Legal
- Facilities Management
- Admin & Procurement
- AVL Special Projects

### **Ipanalangin ang Mt. Makiling Re-creation Center (MMRC):**

- Para magkaroon ng karunungan at gabay sa pamamahala ng retreat center at pagpapatayo ng sports development projects.
- Para ipadala ng Diyos ang tamang tauhan at mga tagapa-mahala na maging bahagi ng team na may panananaw at marubdob na pagnanasang magdisipulo ng mga tapat na tagasunod ni Kristo.
- Para sa lahat ng pupunta sa MMRC ay magpagpala at at makakilala sa Panginoong Hesu-Kristo.

### **Ipanalangin ang International Care Ministries (ICM):**

- Ipanalangin ang ating pagkakasama sa ICM para ang mga mahihirap sa iglesia ay matulungan sa pamamagitan ng ating mga programa na umuunlad at lumalaki habang natututo silang magdisipulo na mga magdidisipulo sa iba.





DAY FOUR (January 9, 2025)

# Pray for **PERSONAL GROWTH**

## BASA HIN

<sup>17</sup> O aking Diyos, alam ko pong sinasaliksik nyo ang aming puso at nasisiyahan kayo kapag nakikita nyong tapat ito. Kaya tapat at kusang-loob ang pagbibigay ko sa inyo ng mga bagay na ito. At nagagalak po ako dahil nakita kong kahit ang mga mamamayan ninyong narito ay kusang-loob na nagbigay. <sup>18</sup> O PANGINOON, ang Diyos ng aming mga ninuno na sina Abraham, Isaac at Jacob, palagi nyo po sanang ilagay sa puso ng mga mamamayan Ninyo ang naising ito at tulungan nyo po sila na maging tapat sa inyo.

## 1 CRONICA 29:17-18

## PAGNILAYAN

1. Ayon sa panalangin ni David, ano ang unang hinahanap ng Panginoon sa buhay ng isang tao? (v17)
2. Basashin ang 1 Cronica 28:9-10. Ano ang sinabi ni David kay Solomon tungkol sa kanyang kapakanan?  
<sup>9</sup>“At ikaw, Solomon na anak ko, kilalanin mo at paglingkuran ang Diyos ng iyong ama nang buong puso mo at sisp, dahil nakikita ng PANGINOON ang bawat puso ng tao at nalalaman niya ang ating layunin at pag-iisip. Kung dudulog ka sa kanya, tutulungan ka niya, pero kung tatalikod ka sa kanya, itatakwil ka niya magpakailanman. <sup>10</sup> Kaya pag-isipan mong mabuti. Pinili ka ng PANGINOON para ipatayo ang templo para roon siya sambahin. Magpakatatag ka, at gawin mo ang gawaing ito.”
3. Paano natin susuriin ang ating mga puso para matiyak na sumusunod tayo sa plano at mga layunin ng Diyos? (v18) Ano ang humahadlang sa atin para isabuhay ang mga kaparaanan Niya?

Nang mangusap ang Diyos kay Haring David tungkol sa Kanyang plano para sa Templo, para itayo ito ng anak at tagapagmana ni David na si Solomon, sinuri muna ni David ang kanyang puso at ginawa rin niya ito kay Solomon. Tiniyak niya na ang kanilang buhay ay nagpapakita ng pagiging malapit sa Panginoon, pagkamatuwid, kagalakan, pagkamapagbigay, at katapatan. Nauunawaan niya na ang nais ng Panginoon ay mabuting pagkatao, hindi kaginhawaan o kaluwagan. Kailangan nating lumapit sa Panginoon higit sa lahat, i-alay sa Kanya ang ating buong puso at isip.

1. Magkakaroon ako ng oras para aminin sa Paningoon ang aking mga kasalanan, pagkukulang, at pagsisikap. Hihingin ko ang Kanyang kahabagan, biyaya, at pagbabago sa aking buhay.
2. Ayon sa panalangin ni David, paano ko pagbubutihin ang aking buhay batay sa mga sumusunod?
  - Pagiging malapit sa Panginoon
  - Pagkamatuwid (being above reproach)
  - Integridad (walang kompromiso)
  - Intentonality
  - Kagalakan
  - Pagkamapagbigay
  - Katapatan
3. Anong mga ugali ang aking isasabuhay para mapangalagaan ang kabutihan ng aking espiritu, kaisipan, damdamin, at katawan?

Please set Simple, Measurable, Appropriate, Realistic, Time-bound (SMART) commitments.

*Halimbawa: "Uumpisahan kong mag-prayer walk sa loob ng 10 minuto araw-araw sa paglalaan ng oras sa Diyos."*



**Personal na Tagumpay:**

- Isabuhay ang presensiya ng Diyos sa bawat araw, sa bawat sandali, manalig sa Panginoon na may pagsuko at pagtitiwala.
- Isabuhay ang mga Spiritual Disciplines (pag-aaral ng Bibliya, pagdarasal at pag-aayuno, at regular na pag-dalo sa Sunday services.)
- Manatiling puspos ng Banal na Espiritu at magabayan sa pamamagitan ng kaalaman ng Kanyang kalooban at karunungan.
- Magkaroon ng lakas at pagsisikap na lumayo sa mga gawaing makakaabala sa akin para maranasan ng buo ang Diyos: sobrang paglalaro ng video games, social media (Facebook, Instagram, TikTok), libangan (Netflix), at hindi mabuting pagka-abala sa ating personal na oras at sa trabaho.
- Bigyan tayo ng Diyos ng espirituwal na tagumpay sa mga ito:
  - Pagmamalaki, Pagiging makasarili, mga kasalanang tago
  - Idolatriya, Pagka-sakim, Materyalismo
  - Sekswal na kadalisayan, pagpipigil sa sarili, integridad
  - Mga adiksyon (alkohol, droga, pornographiya, digital gaming, pagsusugal, atbp.)
  - Masasamang impluwensiya, di-maka-Diyos na mga relasyon, tsismis, paninirang-puri, pagsisinungaling
  - Espirituwal na pakikidigma at pag-atake ng kaaway (mga pag-iisip at tendensya ng pagpapakamatay)
- Aminin at humingi ng kapatawaran sa ating mga kasalanan, pagkukulang, at anumang pagkaalipin or pagkagumon; hingin sa Diyos ang isang bagong buhay na may pagsisisi at pagsuko.



(Notes from the Evening Watch message)

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

DAY FIVE (January 10, 2025)

# Pray for the **FAMILY & YOUTH**

## BASAHIN

<sup>18</sup> O PANGINOON, ang Diyos ng aming mga ninuno na sina Abraham, Isaac and Jacob, palagi nýo sanang ilagay sa puso ng mga mamamayan ninyo ang naising ito at tulungan nýo po sila sa maging tapat sa inyo. <sup>19</sup> Tulungan nýo rin po ang anak kong si Solomon na lalong maging tapat sa pagsunod sa inyong mg utos, katuruan at mga tuntunin, at sa paggawa ng lahat ng ipinatutupad Ninyo tungkol sa pagpapatayo ng templo na aking inihanda.”

**1 CRONICA 29:18-19**

## PAGNILAYAN

1. Bakit sinaalang-alang ng Panginoon bilang Diyos nina Abraham, Isaac, at Israel (Jacob)? (v18) Paano kumikilos ang Diyos sa gitna ng mga ibat-ibang henerasyong ito?
2. Ano ang panalangin ni Haring David para sa kanyang anak at tagapagmana na si Solomon? (v19)
3. Basahin ang 1 Cronica 28:6-8. Ano ang pangako ng Diyos kay Haring David sa kanyang paggabay sa kanyang anak tungkol sa gagawin ni Solomon?

<sup>6</sup> Sinabi niya sa akin ‘Ang iyong anak na si Solomon ang magpapatayo ng aking templo, at ng mga bakuran nito. Sapagkat pinili ko siya na maging aking anak at ako’y magiging kanyang ama. <sup>7</sup> At kung patuloy siyang susunod sa mga utos ko at tuntunin gaya ng ginawa niya ngayon, paghahariin ko ang kanyang angkan magpakailanman.’ <sup>8</sup> Kaya ngayon, inuutusan ko kayo sa harap ng lahat ng Isaerlita, ang mga mamamayan ng Panginoon, at sa presensya ng ating Diyos, na maingat nýong sundin ang lahat ng utos ng Panginoon na inyong Diyos. Kung gagawin nýo ito, patuloy na kayo ang magmamay-ari ng magandang lupaing ito, at ipamamana ninyo ito sa inyong mga angkan magpakilanaman.

Ang Panginoon ay Diyos ng maraming henerasyon at nais Niya ang Kanyang katapatan ay makilala ng lahat ng pamilya. Hindi lamang Niya ginabayan si Haring David kundi ginabayan din si Haring Solomon basta sila ay sumunod sa Kanyang puso at mga kaparaanan. Gayundin, mga miyembro ng ating pamilya ay ipinagkatiwala sa atin ng Diyos para mahalin, alagaan, at gabayan sila sa Panginoon. Kapag ang buhay natin ay nakatuon kay Jesus, ang ating pamilya ay tutuon din sa Kanya sa pamamagitan ng ating magandang halimbawa at maka-Diyos na pamumuhay.

1. Paano ako magiging isang mabuting halimbawa sa aking pamilya? Ano ang sisimulan kong gawin para pagpalain at gabayan sila na maging malapit sa Diyos?

Sa pamamagitan ng pananampalataya, gagawin ko...

Please set Simple, Measurable, Appropriate, Realistic, Time-bound (SMART) commitments.

*Halimbawa: "Magsisimula akong magbigay ng oras para manalangin araw-araw, tanungin kung paano ako makakapanalangin para mga miyembro ng aking pamilya at alamin ang kanilang kalagayan."*

2. Hingin sa Panginoon: Sino sa aking pamilya ang aking mababahagian ng Salita ng Diyos sa linggong ito? *(Ipanalangin, pangalanan ang bawat isa na magkaroon ng pagkakataong maibahagi ang Mabuting Balita)*

3. Mayroon ba akong mahal sa buhay na kinakailangan kong makipagkasundo?

Sa pamamagitan ng pananampalataya, ipapanalangin ko na magkaroon ako ng pagkakataong makausap sina....

*(Pangalanan ang bawat isa)*

Please set Simple, Measurable, Appropriate, Realistic, Time-bound (SMART) commitments.

*Halimbawa: "Mag te-text o tatawagan ko sila sa linggong ito para kumustahin sila, humingi ng pasensiya at kapatawaran."*



**Panalangin para sa Pamilya:**

- Hingin sa Diyos na gamitin ka bilang daluyan ng Kanyang pagmamahal sa mga taong malapit sa iyo, kamag-anak, at mga miyembro ng pamilya:
  - Maging tulad ni Kristo sa asawa, magulang, anak, miyembro ng pamilya, kaibigan, at iba pa.
  - Gabayan ang ating mga pamilya at kaibigan sa mga kaparaanan ng Panginoon.
  - Maging puspos ng Banal na Espiritu para maipakita ang bunga ng pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitiis, kabutihan, kagandahang-loob, katapatan, kahinahunan, at pagpipigil sa sarili (Galacia 5:22-23).
  - Luwalhatiin at purihin ang Diyos sa lahat ng bagay, kahit sa mga mapaghamong relasyon sa ating mga pamilya.
- Ipanalangin ang ating mga relasyon na ibigin natin ang hindi kaibig-ibig at maging tulad ni Kristo sa mga nagmamaltrato o nag-iisip ng masama sa atin.
- Aminin ang ating ugaling pagsasawalang-bahala ang ating mga relasyon at hindi pagpansin sa mga salungatan, mga relasyong nakakabahala, hindi pagpapatawad sa mga nakasakit sa atin, lalo na ang ating pamilya.
- Hingin sa Diyos ang isang pusong mapagpakumbaba para aminin ang mga oras na nakagawa tayo ng masama sa isang tao at magkaroon ng pagkakataong makagawa ng mga pagbabago at maibalik ang mabuting relasyon.
- Ipanalangin ng bigyan tayo ng Diyos ng tagumpay sa mga sumusunod:
  - Hindi pagpapatawad
  - Karanasang nakakasakit
  - Pagnanasang makapaghiganti
  - Kayabangan, pagtatanggol, pangangatwiran sa kasalanan
  - Pagiging abusado o nananakit sa iba
  - Mga atake ng kalaban, impluwensiya ng demonyo
- Ipanalangin na simula sa linggong ito ay kausapin ang isang miyembro ng pamilya, kamag-anak, o kaibigan na kailangang makipagkasundo.
- Ipanalangin ang mga mahal sa buhay: tulungan ang bawat isa at pahalagahan ang mga mabubuting katangian at gawa.
- Tanungin ang bawat isa: “Paano ako bubuti? Nasaktan ba kita? Patatawarin mo ba ako?”, saka manalangin para sa isa’t isa.

**Ipanalangin ang Kabataan:**

- Para sa mga kabataan sa iyong pamilya, sa ating iglesia, at ating bansa na makilala si Jesus sa panahon ng kanilang kahinaan, tapat na madisipulo sila, at magkaroon ng maka-Diyos na paniniwala at pag-uugali na maging mabuting impluwensiya sa mga henerasyon at bansa ayon sa mga layunin ng Diyos.

## IPANALANGIN

- Ipanalangin sa Diyos ang ating mga kabataan sa mga bahaging sumusunod:
  - Kahusayan sa eskuwela at trabaho
  - Mabuting relasyon sa pamilya
  - Tagumpay laban sa pagkagumon sa (droga, pornograpiya, digital gaming)
  - Sekswal na kadalisan at pagpipigil sa sarili
  - Mapagtagumpayan ang kalungkutan, pagkabalisa, at isip na magpagkamatay
- Sadyain sa linggong ito na kausapin at ipanalangin ang isang kabataan.

### **Ipanalangin ang mga ministry na nakatuon sa Pamilya at Kabataan:**

#### **Across (Family)**

- Para ang mga pamilya ay ilagay si Jesu-Kristo, ang Kanyang pag-ibig at Kanyang Salita, sa gitna ng kanilang mga relasyon.
- Mas maraming leaders at volunteers - lalo na ang mga magulang at buong pamilya - ang magsilbi sa ministry at makapagdisipulo ng mga ibang pamilya.
- Karunungan sa kung paano makakatulong ang Every Family be a Discipleship Group (EFAD).

#### **B1G (Singles)**

- Para ang bawat isa ay nakatuon kay Jesus at sundan ang Kanyang halimbawa para sadyang paglingkuran ang kanilang mga pamilya at kaibigan.
- Hingin sa Panginoon ang karunungan, panustos, at pangangalaga para sa lahat ng speakers, leaders, volunteers, at participants ng B1G Fridays, B1G True Life Retreat, at B1G Leadership Conference
- Para ang mga singles ay manatiling matatag at nakaugat sa Salita ng Diyos, tuparin ang Kanyang utos na magdisipulo; magsimula ng Bible studies sa kanilang lugar ng trabaho; maging tulad sila ni Kristo para sa lahat ng mga taong makakatagpo nila sa panahong ito ng kanilang buhay.

#### **Elevate (Youth), #NotAlone Program**

- Para ang Diyos ay gamitin ang Elevate Youth Ministry para patuloy na abutin ang mas maraming estudyante sa ibat-ibang eskuwelahan; para ang mga kabataan ay makakilala kay Kristo at patuloy na maibahagi ang Mabuting Balita nasaan man sila.
- Lahat ng campus missionaries ay masuportuhan ng sapat sa pamamagitan ng Adopt-A-Campus Missionary program, Adopt-A-Campus Project, at iba pa.



## IPANALANGIN

- Para ang #NotAlone program ay patuloy na lumago at abutin ang mas maraming eskuwelahan sa buong bansa at makapaglingkod sa mga guro at estudyante.

### **NxtGen (Children)**

- Para ang mga bata ay lumago sa kanilang pag-ibig sa Diyos at sa Kanyang Salita, at tapat na maglingkod sa Kanya.
- Para ang mga magulang ay mapalaki ang kanilang mga anak na may kaalaman at pag-ibig sa Panginoong Jesus.
- Para mas maraming volunteers ang magturo at magsanay ng mga kabataan, maging halimbawa ng mabuting pagtrato at pagmamahal ng lubusan sa iba at maglingkod sa iba pa.
- Para ang Diyos ay itatag ang mga kabataang lider na maging Kanyang servant leaders sa Kanyang Kaharian.

### **Life Academy International**

- Ipanangin ang Life Academy International (LAI) upang ang mga leaders, workers, at teachers ay patuloy na mabigyan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu Holy Spirit para turuan ang mga estudyante sa mga kaparaanan ni Kristo, maimpluwensiyahan sila na maging committed Christ-followers at maibahagi si Jesus sa susunod na henerasyon.
- Para ang mga teachers at staff ay magkaisa sa pagdidisipulo ng mga estudyante na maging Christ-like servant leaders.
- Para ang mga estudyante ay maging ilaw ni Jesus sa ibat-ibang bahagi na may impluwensiya sila: akademiko, athletics, sa pagkuha ng mga bagong kasanayan.
- Para ang pioneer batch of LAI College para sa school year 2025-2026 ay maging gabay ng Diyos at maging matagumpay sa bawat yugto.
- Para ang leadership team ay magabayan ng Banal na Espiritu sa bawat desisyon at plano para sa eskuwela.





DAY SIX (January 11, 2025)

# Pray for **HEALTH & HEALING**

## BASAHIN

<sup>20</sup> Pagkatapos, sinabi ni David sa lahat ng tao, “purihin nýo ang Panginoon na inyong Diyos.” Kaya pinuri nila ang Panginoon, ang Diyos ng kanilang mga ninuno. Yumukod sila at nagpatirapa bilang pagpaparangal sa Panginoon at sa kanilang hari.

<sup>28</sup> Nabuhay siya ng matagal, mayaman at marangal. Namatay siya nang matandang-matanda na...

**1 CRONICA 29:20, 28A**

## PAGNILAYAN

1. Ano ang pananaw ni Haring David sa buhay at kalusugan?
2. Paano siya nagsumamo para ang iba ay sumamba sa Diyos?
3. Basahin ang Salmo 30:1-5. Ito ang panalangin ni David sa pagtatalaga ng Templo—paano siya humingi ng kagalingan?

<sup>1</sup> Panginoon, pupurihin ko kayo. Hindi nýo pinayagang insultuhin ako ng aking mga kaaway.

<sup>2</sup> Panginoong kong Diyos, humingi ako ng tulong sa inyo, at pinagaling nýo ako.

<sup>3</sup> Iniligtas nýo ako sa kamatayan. Hindi nýo niloob na ako’y mamatay.

<sup>4</sup> Umawit kayo ng papuri sa Panginoon, kayong mga tapat sa kanya. Papurihan ninyo ang kanyang banal na pangalan.

<sup>5</sup> Dahil ang kanyang galit ay hindi nagtatagal, ngunit ang kanyang kabutihan ay magpakailanman. Maaaring sa gabi ay may pagluha, pero pagsapit ng umaga ay may ligaya.

Ang panalangin ni Haring David ay nagpapakita ng kanyang hangar-ing sumamba sa Diyos na mag-isa. Kahit sa kahirapan o kapayapaan, sakit o mabuting kalusugan, kaguluhan o katahimikan, namuhay sa David sa pamamagitan ng Diyos at para sa Diyos. Sa ating pamumuhay para sa Panginoon, binibigyan Niya tayo ng kalakasan at kagalingan ng ating mga katawan, pagtibayin ang ating mga isip, bantayan ang ating mga puso, at bigyan tayo ng isang buhay na maayos para sa Kanyang kaluwalhatian.

1. Paano ko sasambahin ang Diyos sa kabila ng mga hamon sa buhay (sakit, kahinaan, damdaming nasasaktan, o mga ibang pagsubok?)
2. Magkakaroon ako ng oras para ipanalangin ang mga may sakit, at nangangailangan ng kagalingan at kaligtasan.

Sa pamamagitan ng pananampalataya, ipagdarasal ko sina \_\_\_\_\_.

*(pangalanan ang bawat tao at ipagdasal sila, halimbawa, tuwing Lunes simula sa linggong ito para sa susunod na 6 na buwan).*

3. Ano ang kailangan kong isubuhay ngayon para ako makapagtapos ng maayos balang araw?

Please set Simple, Measurable, Appropriate, Realistic, Time-bound (SMART) commitments.

*Halimbawa: "Mananalangin ako araw-araw, matutulog ng 7-8 oras, kakain ng malulusog na pagkain, at pananatilihin ko ang mabuting relasyon sa aking mga mahal sa buhay sa pamamagitan ng pagkakaroon ng oras para sa kanila tuwing Sabado."*



Aminin natin na hindi tayo karapat-dapat na humarap sa Panginoon. Aminin natin ang mga oras na umasa tayo sa ating sariling kayamanan at kaalaman, sa halip na unang lumapit tayo sa Diyos para ating kagalingan at kalusugan.

### **Kagalingan sa damdamin at kaisipan:**

- Aminin natin na may mga oras na hinahayaan nating panghinaan tayo ng mga pag-aalala, umaasa tayo sa ating sariling kayamanan at kaalaman para ating kagalingan at kalusugan sa halip na lumapit sa Diyos.
- Magkaroon ng oras para ipagkatiwala ang lahat ng iyong kabalisahan sa Panginoon: panghihina ng loob, pagkabahala, mga pagkukulang, o takot na sumisira sa ating relasyon sa Diyos.
- Maaaring may alam kang tao o mga tao na dumadaan sa mapagpahamong nagsasaktang damdamin at nalilitong kaisipan. Pangalanan at ipanalangin sila sa Panginoon sa kanilang kagalingan-at kaligtasan kung hindi pa nila kilala si Hesus bilang Panginoon at Tagapagligtas.

### **Kagalingan sa Katawan:**

- Ipanalangin natin ang kagalingan – para sa atin at sa iba – manalig tayo na ang Diyos ay nagpapagaling sa Kanyang sariling oras at paraan. Sa halip na sabihin sa Kanya kung paano Niya tayo pagagalingin o ating mga mahal sa buhay, manalangin tayo ng may pananampalataya tulad ng isang bata--nananalig ng ang Diyos ay ating Manggagamot noon, ngayon, at magpakailanman.
- Hingin sa Panginoon ang tagumpay sa iyong kalusugan at kagalingan—manalangin para sa isang pusong naghahanap sa Kaharian ng Diyos higit sa lahat; sa gabay ng Banal na Espiritu sa iyong buhay upang tapat mong magawa ang iyong parte para pangalagaan ang iyong katawan na Kanyang templo.
- Ipanalangin sa Panginoon na magkaroon tayo ng mabuting kalusugan sapagkat ginagawa natin ang ating parte ng kumain ng tama, matulog ng sapat, regular na nag-eehersisyo, at araw-araw na inaalagaan ang ating kaluluwa (mga espirituwal na disiplina, pagmumuni-muni, katahimikan at pag-iisa sa harap ng Panginoon, at higit pa)

### **Kagalingan sa Relasyon:**

- Ipanalangin ang ating mga relasyon; na matuto nating mahal in ang mahirap mahal in at maging tulad ni Kristo sa mga taong hindi maayos ang pakikitungo sa atin or mga taong pinagiisapan tayo ng masama.

- Hingin sa Diyos ang isang pusong mapagpakumbaba na umaaming may mga oras na tayo mismo ay nagiging kaaway (nanlalaban, nang-iinsulto, nananakit, at iba pa) sa isang tao at hangarin nating magkaroon ng pagkakataong gumawang pagbabago at maibalik ang mabuting relasyon.
- Ipanalangin sa Diyos na bigyan tayo ng tagumpay sa mga sumusunod:
  - Pag-aaway sa pamilya, sa trabaho/eskuwela, sa mga kaibigan, o kasama sa Dgroup
  - Hindi pagpapatawad
  - Sama ng loob nang masaknan sa nakaraan
  - Pagnanasang maghiganti
  - Nagmamayabang, nagpapalusot, pinangangatwiran ang kasalanan
  - Mapang-abuso o nananakit sa iba
  - Mga atake ng kaaway, impluwensiya ng demonyo
- Hingin sa Panginoon na magtagumpay ka sa paghingi ng kapatawaran ng Diyos, pagkakasundo, at pagkakabalikan pagkatapos ng salungatan o sakit; hayaan ang Banal na Espiritu na tulungan kang espirituwal na muling makabagangon, magkaroon ng bagong lakas at pagsisikap na sundin Siya ng tapat.

### **Maka-Diyos na Pamana:**

- Mamuhay tayo para sa kaluwalhatian ng Diyos at mag-iwan ng maka-Diyos na pamana sa mga susunod na henerasyon.
- Magdisipulo ng mga magdidisipulo sa lugar na mayoon tayong impluwensiya, lalo na sa ating mga pamilya.
- Baguhin tayo ng Diyos ayon sa gusto Niya sa atin at magawa ang nais Niyang gawin natin.
- Para marinig si Jesus kapag tayo na nasa langit na: “Magaling, isa kang mabuti at tapat na alipin! At dahil naging matapat ka sa kakaunting ipinagkatiwala sa iyo, ipapamahala ko sa iyo ang mas malaki pang halaga. Halika’t makibahagi sa aking kaligayahan!” (Mateo 25:21).





# GABAY SA HAPUNAN NG PANGINOON

para sa nanonood online:



MAGHANDA NG  
TINAPAY AT JUICE

BASAHIN: **1 CORINTO 11:23-29**

## BAKIT NATIN PINAGDIRIWANG ANG LORD'S SUPPER?

- Ang simbolikong pagtitipong ito na ay ipinag-utos ng ating Panginoong Hesus bilang isang malinaw na pagpapaalaala ng mga bagay na Kanyang nagawa para sa atin. Kailangan nating madalas na ito'y ipagdiwang nang ating maalala si Hesus dahil sa pamamagitan ng Lord's Supper, "ipinahahayag ninyo ang kamatayan ng Panginoon hanggang sa dumating siya."(verse 26).
- Bago pinaghati-hati ni Hesus ang tinapay at ipinasa ang kopa, sinasabi ng Salita na si Hesus ay nagpasalamat (verse 24). Si Hesus ay nagpasalamat sa pagkakataong tayo'y pagsilbihan sa pamamagitan ng pag-aalay Niya ng Kanyang katawan at dugo para sa ating kapakanan.

## ANO BA ANG SINISIMBOLO NG TINAPAY AT ALAK (SA KASO NATIN, NG JUICE)?

- Ang tinapay ay sumisimbolo sa katawan ni Hesus na siyang umako ng pasakit na dapat ay para sa atin (verse 24).
- Ang juice ay sumisimbolo sa dugo ni Hesus na inalay para sa atin sa Bagong Tipan (verse 25).
- Hindi natin tinuturo na ang tinapay ay literal na nagiging katawan ni Kristo o di kaya'y ang alak o juice ay literal din na nagiging dugo Niya. Sa halip, ating pinapahayag na ang mga elementong ito ay naglalarawan sa ating Panginoon, kung sino Siya at kung ang Kanyang mga nagawa. Sa gayon, ang ating pakikibahagi sa mga elementong ito ay isang simbolikong pagpapahiwatig ng ating pananampalataya sa Kanya at sa natupad Niyang gawain sa mundo.

## **ANO BA ANG TAMANG SALOOBIN BAGO TAYO MAKIBAHAGI SA LORD'S SUPPER?**

- Dapat ay maging mapagpasalamat at kumilala ng utang-na-loob sa tuwing tayo'y tatanaw sa nakaraan at sa kasalukuyan.
- Bigyan-tanaw ang nakaraan at magpasalamat sa Panginoong Hesus para:
  - Sa Kanyang libreng regalo na kaligtasan at sa kapatawaran ng ating mga kasalanan
  - Sa Kanyang mga katangian (katapatan, mapagpatawad, kagandahang-loob, banal, mapagmahal, hindi nagbabago)
  - Sa ating pagkakakilala sa Kanya (Diyos, Panginoon, Tagapagligtas)
  - Mga pagpapala tulad ng ating pamilya (asawa, mga anak, mga magulang, kapamilya), sa pagtugon sa ating mga pangangailangan, atbp. (tulad ng pagbilang ng mga pagpapalang inyong natanggap)
- Mga pagkakataong makapaglingkod sa Kanya at sa Kanyang mga alagad (pamilya, kaibigan, simbahan)
- Tumanaw sa kasalukuyan at magpasalamat sa Panginoong Hesus sa mga pagpapala na ikaw ay buhay pa ngayon, at sa kaloob Niyang mga relasyon (biolohikal at espiritwal na pamilya, mga kaibigan, DG groups).
  - Sa kung paano Niya sasagutin ang iyong mga dasal
  - Ang pangako na darating ang panahon na Siya ay babalik muli.
- Gumugol ng oras para makapagnilay-nilay.

**MAGDASAL MATAPOS KAININ ANG  
TINAPAY AT INUMIN ANG JUICE**



# MGA PANALANGIN

## MGA BANSA

1. Global revival – unawaing kailangan ang kaligtasan kay Hesu-Kristo at ang mga tagasunod ni Kristo ay maipahayag ang Mabuting Balita sa lahat ng bansa.
2. Para mamagitan ang Diyos sa pagpapaunlad ng ekonomiya; pagpapanatili sa kapayapaan at kaayusan sa mundo at panindigan ang dangal at kabanalan ng buhay na sa kabila ng napakagulong panahon, ang mga tao ay mamuhay ng maayos at may takot sa Diyos.
3. Ipagdasal na magkaroon ng kapayapaan ang mga bansang may labanan, digmaan, at problemang ekonomiya.
4. Ipagdasal ang CCF Beyond at ang ating mga International Missionary Partners na manatiling matatag at ligtas sa kabila ng pagkokontra sa kanilang pananampalataya at maipagpatuloy ang paghahayag ng Mabuting Balita at maparami ang mga tagasunod ni Kristo.

## ANG PILIPINAS

1. Ipagdasal ang mga mamamayan ng ating bansa - na lahat tayo ay matutong magmahal sa Diyos at magmahalan sa isa't-isa tulad ng pagmamahal ni Kristo sa atin. Ang bawat Pilipino ay makakilala kay Hesus at makilala sila sa kanilang pagmamahal kay Kristo.
2. Ipagdasal ang kapakanan ng ating bansa - kasama ang mga lider na nanunungkulan, na ang lahat ay lumapit sa Panginoon at gawin ang Kanyang kalooban sa pagharap sa mga problema ng ating bansa.
3. Ipagdasal ang mga lider para panindigang isabuhay ang mga turo ng Biblia at maging halimbawa ng maka-Diyos na pag-uugali, kakayahan, hustisya, pananagutan, at pamilya - para sila ay maglingkod na may integridad, karunungan, katapatan, proteksyon at patnubay:
  - Pangulo, Pangalawang Pangulo, mga Miyembro ng Gabinete, at mga Tagapayo
  - Ang mga Senador at mga Kongresista
  - Punong Mahistrado at lahat ng Mahistrado
  - Hukbong Militar at Pulisya
  - Lokal na Pamahalaan at mga Opisyal ng Barangay
4. Para ang mga nangungurakot na opisyal ay malantad at managot sa hustisya; pagbabago ng sistema ng gobyerno sa ating bansa at panindigan ang pagkamatuwid, katarungan, kapayapaan, at pag-unlad ng ekonomiya.
5. Ipagdasal ang mga pangunahing isyu ng bansa (katatagan ng ekonomiya, problema sa droga, katiwalian sa gobyerno, sapilitang pagtatrabaho ng mga manggagawa at human trafficking, pagkawatak-watak ng pamilya at pagkalayo ng mga magulang, pagbaba ng moralidad, pagsamba sa diyos-diyosan, materyalismo, mga pinahahalagahang hindi maka-Diyos, pornograpiya, imoralidad, ginagawa ng mga taong kabilang sa LGBTQA+, pagtaas sa bilang ng mga biktima ng HIV, pagbubuntis ng mga kabataan, pagkalito sa kasarian, pagka-adik sa cellphone, problema sa trapiko, mga batas at panukalang batas na laban sa Salita at kalooban ng Diyos).
6. Ipagdasal na mas maraming Pilipino sa lahat ng antas ng pamumuhay ang tumanggap kay Hesu-Kristo bilang Panginoon at Tagapagligtas at magkaroon ng tunay na pagkatakot sa Panginoon.

## ANG ATING IGLESIA

1. Ipagdasal ang lahat ng mga lider at miyembro ng CCF na mamuhay na may pagmamahal sa Diyos at sa iba, kadalisayan at kabanalan, pagpapakumbaba, at pagkamatapat.
2. Ipagdasal ang tapat na pagtupad sa misyon ng Diyos para sa CCF (to honor God and to make Christ-committed followers who will make Christ-committed followers).



## **MGA PANALANGIN**

3. Ipagdasal si Pastor Peter Tan-Chi at kanyang pamilya (kabanalan, pagiging malapit sa Panginoon, karunungan, at lakas para pangunahan ang CCF discipleship movement, manatiling puspos ng Banal na Espiritu sa lahat ng oras).
4. Ipagdasal ang mga CCF elders, pastors, ministry servant leaders, church planters, Dgroup leaders, missionaries, campus workers, staff members, at mga volunteers na manatiling magkaroon ng alab sa paglilingkod sa Diyos, kabanalan, mabuting kalusugan at proteksiyon, espirituwal na paglago at pagiging malapit sa Panginoon, kontrolado at pinalalakas ng Banal na Espiritu, patuloy na mamuhay ng may moralidad at integridad. Ipagdasal ang bawat pangalan na makikita sa: [ccf.org.ph/meet-the-team/](http://ccf.org.ph/meet-the-team/)
5. Ipagdasal ang CCF na maging epektibo sa pag-abot sa mga tao at patuloy na magparami ng mga tagasunod ni Hesus. Na lahat ng mga miyembro ng CCF ay patuloy na magpahayag ng Mabuting Balita sa kani-kanilang pamilya/kamag-anak, mga kaibigan, at ibang tao ng may kaugnayan sa kanila.
6. Ipagdasal na ang mga CCF members ay mapuspos ng Banal na Espiritu at tapat na nananalangin.
7. Abutin ang mga kabataan sa pamamagitan ng Elevate campus ministries sa mga eskuwelahan, kolehiyo at unibersidad sa buong bansa.

### **PAMILYA**

1. Ang bawat pamilya ay laging nakatuon kay Kristo
2. Ang mga lalaki ay magmamahal sa kanilang mga asawa at maging spiritual leaders sa kanilang tahanan
3. Ang mga babae ay gumagalang at nagpapasakop sa kanilang mga asawa.
4. Ang mga ama at ina ay maging huwaran ng maka-Diyos na pag-uugali sa kanilang mga anak
5. Ang mga magulang ay sadyaing turuan ang kanilang mga anak para sila ay makakilala at magmahal sa Diyos
6. Ang mga anak ay sumusunod at gumagalang sa kanilang mga magulang
7. Pagpapatawaran at pagsasa-ayos ng mga relasyon — na ang mga miyembro ng pamilya ay mamuhay na may pag-ibig at paggalang, magkasamang naglilingkod sa Diyos at sa ibang tao
8. Kaligtasan ng buong pamilya at mga kamag-anak

### **PERSONAL NA TAGUMPAY**

1. Spiritual revival – para makilala at lalong maging malapit sa Diyos, kalugud-lugod na mamuhay para sa Diyos at may paggalang sa Kanya
2. Magkaroon ng pag-uugaling tulad ni Kristo sa pamamagitan ng pagiging puspos ng Banal na Espiritu at makitaan ng bunga ng Espiritu (pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitiis, kabutihan, kagandahang-loob, katapatan, kahinahunan, at pagpipigil sa sarili)
3. Pisikal na kagalingan at pamumuhay ng balanseng buhay (umunlad sa karunungan at abilidad sa tulong ng Diyos at tao)
4. Tagumpay laban sa kasalanan at masasamang ugali
5. Hayaan ang Banal na Espiritu na gabayan ka kung saan ka maglilingkod, magkaroon ng bagong lakas at sigasig na magboluntaryo sa gawain ng Diyos

### **PINANSYAL**

1. Makalaya sa utang
2. Mabuting pamamahala ng pera ng Diyos at mga pagpapalang pinansyal
3. Regular na mag-ikapu at laging mag-pagbigay
4. Paglago sa negosyo, propesyon, at tungkulin sa trabaho

### **MGA IBA PANG BAGAY NA PERSONAL NA IPAPANALANGIN**

*(ipanalangin ang iyong personal na mga petisyon)*

# PAANO SINAGOT NG DIYOS ANG IYONG DASAL?

**IBAHAGI ANG IYONG  
KWENTO AT ITURO ANG  
MGA TAO KAY KRISTO.**

i-tag kami sa:    #CCFAnsweredPrayer

mag-email  
sa amin:

[questions@ccf.org.ph](mailto:questions@ccf.org.ph)  
[testimonies@ccf.org.ph](mailto:testimonies@ccf.org.ph)

sumulat sa  
amin:

maaari mong isulat ang iyong  
answered prayers sa isang tithe  
envelope at ihulog ito sa tithe box





**CHRIST'S COMMISSION FELLOWSHIP**



**(02) 8866-9900**



**questions@ccf.org.ph**



**ccf.org.ph**



**facebook.com/CCFmain**



**instagram.com/CCFmain**



**youtube.com/CCFmainTV**



**C5 corner Ortigas Avenue,  
Ortigas East, Pasig City**